Mga Karanasan ng mga Guro sa Implementasyon ng Aral Program sa Filipino 10: Isang Penomenolohikal na Pagsusuri Para sa Pagbuo ng Pinahusay na Interbensyon sa Pagkatuto

Christian Indicio Asi
Philippine Christian University
Manila, Philippines

Abstract

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, inilarawan at sinuri ang mga karanasan ng mga guro sa implementasyon ng ARAL Program sa Filipino 10, gamit ang *penomenolohikal* na lapit bilang batayan sa pagbuo ng pinahusay na interbensyon sa pagkatuto. Nakaugat ang pag-aaral sa kontekstong pambatas at pangpatakaran ng Departamento ng Edukasyon (*RA 12028*, *RA 10533*, *DepEd Order No. 013 s. 2023*, at mga kaugnay na memorandum), na nagtataguyod ng muling pagbawi o pag-unlad at natatanging pagkatuto sa batayang edukasyon. Gumamit ang mananaliksik ng Deskriptibong kwalitatibong pamamaraan at tematikong pagsusuri (Braun & Clarke, 2006) sa mga tugon ng mga guro sa Filipino 10 na nagsisilbing ARAL tutors na may kabuuang bilang na dalawampu't dalawa (22) mula sa limang pampublikong sekondaryang paaralan sa Mulanay, Quezon Taong Panuruan 2025-2026. Ang datos ay nakuha sa pamamagitan ng *open-ended na talatanungan***,** na pinili gamit ang purposive sampling at inanalisa hanggang sa data saturation. Mula sa pag-aaral ang mga sumusunod ay natuklasan *una (1)* Makabuluhang epekto ng ARAL Program sa pagbasa, pag-unawa, at pakikilahok ng mga mag-aaral; nagkaroon ng mas organisado at nakasentro sa mag-aaral na daloy ng pagtuturo at napalawak ang pedagohikal na pagtuturo ng mga guro. *Ikalawa (2)* Mas malinaw na pagkilala sa kakulangan sa pagkatuto, lalo sa kasanayan sa pagbasa, na nagbunsod ng mas tiyak na angkop na interbensyon. *Ikatlo (3)* Mga hamon sa implementasyon; kakulangan sa oras, limitadong materyales, mababang motibasyon ng mag-aaral, at kulang na suporta mula sa magulang at pamunuan na nakaaapekto sa pagpapanatili at kalidad ng pagkatuto. *Ikaapat (4)* Pangunahing salik sa tagumpay; kulang na materyales na angkop sa kanilang kakayahan, maayos na pamamahala ng oras, at matibay na suporta ng pamunuan at magulang, kalakip ang kolaborasyon at inobasyong pedagohikal Pinatutunayan ng mga temang umusbong na ang ARAL Program ay mabisang mekanismo para sa pagpapanumbalik ng pagkatuto at pagpapalakas ng kakayahan ng guro, subalit nangangailangan ng tuloy-tuloy na suporta, materyales, at oras upang maging ganap na epektibo. Sa kabuuan ng pananaliksik na ito iminumungkahi ang sumusunod: (a) paglalaan at regular na distribusyon ng mga materayales na angkop sa kanilang antas at kakayahan; (b) pagtataguyod ng kayayahan (LAC, peer-sharing); (c) maayos na pagbabahagi ng oras at iskedyul (d) pinalakas na ugnayang tahanan at paaralan (e) interaktibo at indibidwal na pagtutok; (f) sistematikong pagsubaybay at pagatataya (midline/endline); at (g) suporta ng pamunuan at LGU (insentibo, pondo, teknikal na tulong).

Based on the findings of this study, the experiences of teachers in implementing the ARAL Program for Filipino 10 were described and analyzed, utilizing a phenomenological approach as a foundation for developing an enhanced learning intervention. The study is anchored in the legal and policy framework of the Department of Education (RA 12028, RA 10533, DepEd Order No. 013, s. 2023, and related memoranda), which promotes learning recovery or advancement, as well as specialized learning within basic education. The researcher employed a descriptive qualitative method and thematic analysis (Braun & Clarke, 2006) to examine the responses of twenty-two (22) Filipino 10 teachers—who also serve as ARAL tutors—from five

public secondary schools in Mulanay, Quezon, during the 2025-2026 academic year. Data were gathered via open-ended questionnaires from participants selected through purposive sampling and were analyzed until data saturation was reached. The study yielded the following findings: (1) The ARAL Program has a significant impact on students' reading, comprehension, and participation; it fostered a more organized, learner-centered instructional flow and broadened the teachers' pedagogical repertoire. Second (2) A clearer identification of learning gaps—particularly in reading skills—which led to more precise and appropriate interventions. Third (3) Implementation challenges, such as a lack of time, limited materials, low student motivation, and insufficient support from parents and school leadership, which affect the sustainability and quality of learning. Fourth (4) Key success factors, including the provision of materials suited to students' abilities, effective time management, and strong support from leadership and parents, alongside collaboration and pedagogical innovation. The emerging themes confirm that the ARAL Program is an effective mechanism for learning recovery and the enhancement of teacher competencies; however, it requires sustained support, adequate materials, and sufficient time to be fully effective. Based on this research, the following are recommended: (a) the provision and regular distribution of materials appropriate to the students' levels and abilities; (b) capacity building (e.g., Learning Action Cells or LAC, peer sharing); (c) effective time allocation and scheduling; (d) strengthened home-school partnerships; (e) interactive and individualized instruction; (f) systematic monitoring and evaluation (midline/endline assessments); and (g) support from school leadership and the Local Government Unit (LGU) in the form of incentives, funding, and technical assistance.

Mga Susing Salita: Pagsusuri, ARAL Program, Karanasan ng mga Guro, Filipino 10, Tematikong Pagsusuri (Analysis, ARAL Program, Teachers' Experiences, Filipino 10, Thematic Analysis)